Seniors Rights Victoria

Kung ikaw o may kilala kang minamaltrato, tumawag sa Seniors Rights Victoria:

1300 368 821

Ang **Seniors Rights Victoria (SRV)** ay tumutulong sa mga matatanda na minamaltrato sa pamamagitan ng tagapagsalinwika (interpreter). Kasama sa mga serbisyo:

- Tulong sa telepono. Ikaw ay maaaring pumunta sa SRV voicemail. Matutugunan ang iyong tawag.
- Libreng suporta at impormasyon
- Libreng pagpapayong ligal

Libre at kumpidensyal na pagpapayo para sa mga taong may edad na mahigit 60 taon

Saan makakakuha ng tulong at pagpapayo

Kung ikaw o may kakilala kang minamaltrato, ang mga serbisyong ito ay libre at kumpidensyal para sa lahat.

Elders Rights Australia
1800 700 600
Impormasyon, adbokasiya at suporta

Office of the Public Advocate
1300 309 337
Pagpapayo sa guardianship, administration at powers of attorney

Carers Victoria
1800 514 845
Pagpapayo at suporta sa mga tagapag-alaga

Victoria Police 000
Kung ikaw o may kilala kang nasa sitwasyon na hindi ligtas o nanganganib ang buhay

Interpreter **13 14 50**

Kung kailangan mo ng interpreter, tumawag sa Telephone Interpreter Service (TIS) at hilingin na makipag-usap sa Seniors Rights Victoria sa Tagalog.

VICTORIA

©2026 Ethnic Communities' Council of Victoria
www.eccv.org.au

Filipino | Tagalog

Dignidad at respeto

Ano ang mangyayari kapag ang mga relasyon sa pamilya ay humantong sa hindi mabuti

Lahat tayo ay may karapatan sa dignidad at respeto habang tayo ay tumatanda.

Ang nakakapinsala at hindi ligtas na mga gawain ay hindi tinatanggap, sa pamilya man o sa komunidad.

Hindi mo kailangang harapin ito nang mag-isa, may tulong na makukuha sa labas ng pamilya.

May mga tulong at suporta na magagamit para maibalik ang iyong dignidad at respeto.

Mga kwento mula sa komunidad

Ang pera ay nawawala sa aking account. Ang aking anak na lalaki ay hawak ang aking card sa bangko upang matulungan ako sa pagbabayad ng aking mga bayarin. Sa palagay ko ay pumupunta na naman siya sa casino. Hindi ko alam kung ano ang aking gagawin.

Ang aking asawa ay laging nagkokontrol sa akin. Kung hindi ko gagawin ang kanyang gusto o kung ako ay hihingi ng pera, nagbabanta na pauuwiin niya ako sa Pilipinas.

Sinabihan ako ng aking mga anak na pirmahan ang mga dokumento. Hindi ko alam kung ano ang mga iyon. Sa ngayon, ibinebenta na ang bahay ko. Wala akong matitirahan.

Ang sabi sa akin ng anak kong babae na hindi ko na daw makikita ang aking mga apo kung hindi ko gagawin ang lahat ng kanyang mga gawaing bahay.

Ang mga pangangailangan at kapakanan ng mga matatanda ay kasing halaga ng iba pang mga miyembro ng pamilya.

May mga matatanda na nakakaranas ng pambu-bully o pang-aabuso mula sa mga taong kilala nila at pinagkakatiwalaan.

Maraming anyo ang pagmamaltrato. Maaari itong maka-apekto sa matandang tao sa kanyang pampinansyal, emosyonal o pisikal na kapakanan.

Maaaring sinasadya ang pagmamaltrato. Maaari din itong mangyari kapag ang mga tao ay hindi alam kung paano ang kanilang mga gawi ay nakaka-apekto sa kanilang mga mahal sa buhay.

Ang pagmamaltrato ay maaaring mangyari kanino man anuman ang kasarian, kultura o rehiliyon.

Kapag ang isang matandang tao ay minaltrato ng miyembro ng pamilya o kaibigan, may makukuhang kumpidensyal na tulong.